

Impormasyong pangkalusugan para sa mga manggagawa sa industriya ng engineered stone

Alamin kung naapektuhan ba ng pagpoproseso ng engineered stone ang iyong kalusugan.

Accelerated silicosis

Nagtutulungan ang WorkSafe, ACC, at Ministry of Health sa pagtukoy sa mga manggagawang posibleng nasa panganib ng pagkakaroon ng accelerated silicosis dahil sa pagpoproseso ng engineered stone. Isa itong isyung pangkalusugan na nakakaapekto sa mas dumaraming tao.

Ang silicosis ay isang sakit na nagdudulot ng pagkasugat ng mga baga. Ang accelerated silicosis ay isang uri ng silicosis na posibleng mangyari pagkatapos malantad ng manggagawa sa maraming respirable crystalline silica (RCS) dust. Karaniwan itong lumalabas sa loob ng tatlo hanggang 10 taon, ngunit nagkaroon na ng mga kaso sa ibang bansa kung saan lumabas ito pagkatapos ng wala pang isang taon ng pagkakalantad.

Ang accelerated silicosis ay isang malubhang kondisyon sa kalusugan.

Respirable crystalline silica dust

Ang crystalline silica ay isang natural na substance na matatagpuan sa kongkreto, brick, buhangin, clay, at bato (kabilang ang artipisyal na bato o engineered stone na matatagpuan sa mga composite benchtop na ginagamit sa mga kusina, banyo, at labahan).

Nabubuo ang respirable crystalline dust kapag pinutol, dinurog, binutas, niliha, pinakinis, o pinroseso sa iba pang paraan ang mga materyal na may crystalline silica. Ang mga RCS particle ay napakaliit ('respirable'); hindi palaging nakikita ang mga ito kung mga mata lang ang ginagamit. Maaaring makasama sa kalusugan ng tao ang pagkakalantad sa RCS dust, saanman ito galing.

Dapat ba akong magpatingin ng kalusugan?

Kung nagproseso ka ng engineered stone sa loob ng mahigit anim na buwan sa loob ng nakalipas na 10 taon, dapat kang magpatingin sa iyong General Practitioner (GP).

Kung nagproseso ka ng engineered stone sa New Zealand o sa ibang bansa sa loob ng wala pang anim na buwan sa kabuuan sa loob ng nakalipas na 10 taon, itabi ang information sheet at ipaalala sa iyong sarili na itanong ulit ito kapag lumampas na sa anim na buwan.

Paano malalaman kung posibleng naapektuhan ang iyong kalusugan

1 MAGPATINGIN SA IYONG GP

Kusang-loob ang pagpapatingin sa GP para sa pagsusuri ng kalusugan, ngunit lubos na inirerekomenda ng WorkSafe, Ministry of Health, at ACC sa mga manggagawa sa industriya ng engineered stone na gawin ito upang matiyak na makukuha mo ang naaangkop na payo sa kalusugan.

Kung nagproseso ka ng mga engineered stone na benchtop sa loob ng mahigit anim na buwan sa loob ng nakalipas na 10 taon, dapat kang magpatingin sa iyong GP upang malaman kung nalantad ka sa RCS dust.

Kung sinubaybayan ng kasalukuyan mong trabaho (o dating pinagtatrabahuhan) ang iyong kalusugan, mahalagang makuha ang mga talaang ito mula sa iyong employer at dalhin ang mga ito sa iyong GP.

Inaatasan ang iyong employer na bigyan ka ng kopya ng impormasyon ng iyong kalusugan kung hihingin ito.

2 SUSURIIN KA NG IYONG GP

Susuriin ka ng iyong GP at bibigyan ka niya ng higit pang impormasyon at payo. Mahalagang ipaalam sa kanya kung gaano ka katagal nagproseso ng engineered stone **sa loob ng nakalipas na 10 taon.**

Kung mapagpasyahan ng iyong GP na may panganib na magkaroon ka ng accelerated silicosis, bibigyan ka niya ng impormasyon at payo tungkol sa mga susunod na gagawin.

Sino ang magbabayad?

Ikaw ang magbabayad para sa pagpapatingin mo sa GP, gayunpaman, posibleng hindi ka magbabayad ng buo kung maghahain ng claim sa ACC ang iyong GP para sa iyo (nang may pahintulot mo). Kung may problema sa pagbabayad, makipag-usap sa iyong employer upang malaman kung makakatulong sila.

Inirerekomenda ng WorkSafe na pag-isipan ng mga negosyo ang pagbabayad para sa pagpapatingin sa GP at pagbibigay sa mga manggagawa ng time off para dito (at sa mga nauugnay na appointment sa hinaharap) sa mga oras ng trabaho upang, hangga't maaari, maging madali para sa iyo na magpasuri ng kalusugan.

Babayaran ng ACC ang mga diagnostic na pagsusuri at pagsisiyasat na kinakailangan upang tasahin ang iyong claim.

Suporta sa pagpapayo para sa iyo at sa iyong pamilya

Posibleng puno ng alalahanin ang panahong ito. Posibleng may alam ang iyong GP tungkol sa lokal na suporta sa pagpapayo na baka makatulong sa iyo at sa iyong pamilya.

Posibleng may Employee Assistance Programme ang iyong employer na maaari mong gamitin. Makipag-usap sa iyong employer para sa higit pang impormasyon.

Available 24/7 at libre ang mga pambansang serbisyo ng suporta sa telepono tulad ng 1737 National Telehealth Service (tumawag o mag-text sa 1737) o Lifeline Aotearoa (mag-text sa 4357, tumawag sa 0800 543 354).

Upang malaman ang tungkol sa mga serbisyo sa pagpapayo sa iyong lugar, maaari kang tumawag sa Healthline sa 0800 611 611.

Ang impormasyon ng iyong kalusugan

Ang impormasyong ibibigay mo sa iyong GP ay magiging bahagi ng talaan ng iyong kalusugan at ibibigay ito sa ACC upang makatulong sa pagpapasya sa iyong claim.

Kung mayroon kang anumang alalahanin tungkol sa iyong kalusugan, dapat kang magpatingin sa iyong GP.

Binibisita ng WorkSafe ang mga lugar ng trabaho na nagpoproseso ng engineered stone

Nagsasagawa ang mga inspector ng WorkSafe ng isa pang round ng mga pagbisita sa mga negosyong alam na nagpoproseso ng engineered stone. Binisita ang mga negosyong ito noong nakalipas na taon upang matiyak na mabisang napapangasiwaan ang mga panganib sa nagpoproseso ng engineered stone, nang may mabisang kontrol upang protektahan ang mga manggagawa.

Nagfa-follow up na ngayon ang mga inspector sa mga pagbisita noong nakalipas na taon upang masuri ang pamamahala sa panganib, at upang magbigay ng impormasyon tungkol sa kung paano suriin kung naapektuhan ba ng nagpoproseso ng engineered stone ang iyong kalusugan. Bibisita rin ang mga inspector sa mga bagong natukoy na site na nagpoproseso ng engineered stone.

Higit pang impormasyon

Dapat subaybayan ng mga negosyo, sa hangganang makatuwirang maisasagawa, ang kalusugan ng kanilang mga manggagawa kung kinakailangan ito dahil sa pagkakalantad sa isang partikular na panganib sa kalusugan. Dapat makipagtulungan ang mga negosyo sa isang propesyonal na may naaangkop na pagsasanay upang magbigay ng payo sa pagsubaybay sa kalusugan at mga serbisyo sa mga panganib sa kanilang negosyo.

Dapat pag-usapan ng mga PCBU at manggagawa ang mga desisyong nakakaapekto sa kanilang kalusugan at kaligtasan, kabilang kung paano magpasuri at magpasubaybay ng kalusugan.

Gabay ng WorkSafe

Available sa Ingles at pitong iba pang wika:

Silica dust sa lugar ng trabaho

8 mahalagang bagay na dapat malaman ng mga manggagawa: Pagkontrol sa silica dust sa lugar ng trabaho

Pagsubaybay sa kalusugan at pagsubaybay sa pagkakalantad